



PATNUBAY SA MISA

29 Setyembre 2024

Ika-26 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

PAMBANSANG ARAW NG MGA MANDARAGAT AT REFUGEES

Lugod na Bunga ng Pagsunod sa Kalooban ng Diyos

Ngayong huling Linggo ng Setyembre, pinasasalamatan natin ang Panginoon sa maraming biyaya na ipinagkaloob Niya sa atin sa buwang ito. Tunay Siyang Diyos na bukas-palad. Tinatawagan din tayo ngayong lumago at mamunga ng kagandahang-loob. Hinahamon tayong isaayos ang ating mga pinahalalagahan at maging handa sa anumang maaaring ibunga ng gayong pagpapahalaga. Tanging ito ang magbibigay lugod sa ating pagkatao.

At pagkat ngayon ay Pambansang Araw ng mga Mandaragat at Refugees, alalahanin natin ng may tanging pagmamahal at pagmamalasakit ang tatlong daang libong Pilipinong mandaragat sa iba't ibang panig ng daigdig. Nagtatrabaho silang malayo sa kanilang mga tahanan alang-alang sa maginhawang buhay at magandang kinabukasan ng kani-kanilang pamilya. Nawa ang pag-aalay natin ng Eukaristiya para sa ating mga mandaragat ay maging isa sa pinakamagandang tanda ng ating pakikiisa sa kanila.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lahat ng iyong ginanap ay makatarungang lahat, yamang kami'y sumalungat, parusa'y'yong inilapat. Hiling namin ay patawad.

Pagbati

P– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

B– Amen!

P– Ang biyaya at kapayapaan buhat sa Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Mga kapatid, aminin natin

ang ating mga kasalanan upang tayo's maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. (Manahimik saglit.)

P– Sinugong tagapagpagaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Dumating na tagapaganyayang makasalana'y magsisi, Kristo, kaawaan mo kami!

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P– Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami, Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na

walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw

na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, ang iyong pinakadakilang magagawa ay magpatawad at ang iyong laging ipinakikita ay pagkahabag. Padaluyin mo sa aming walang humpay ang kagandahangloob mong sa ami’y inilaan upang sa pagkakamit namin sa pangako mong bigay, kami’y gawin mong kasalo sa ipagkakaloob mo sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Bil 11:25-29
Ganap na malaya ang Diyos sa pamamahagi ng Kanyang mga kaloob. Bagamat Siya ay may nakatakdang mga “karaniwang daluyan,” kumikilos din Siya sa labas ng mga “kayariang opisyal,” pagkat ang Kanyang pagmamahal ay para sa lahat.

L– Pagbasa mula sa Aklat ng mga Bilang

Noong mga araw na iyon, ang Panginoon ay bumaba sa anyo ng ulap at kinausap nga si Moises. Ang pitumpung matatanda ay binahaginan niya ng espiritu, tulad ng ibinigay niya kay Moises. Sila’y napuspos ng kapangyarihan at nagpahayag noon ngunit hindi na nila inulit.

May naiwang dalawang matandang lalaki sa kamento: Eldad ang pangalan ng isa at yaong isa’y Medad. Tinawag silang kasama ng pitumpu ngunit hindi sumama. Gayunman, binahaginan din sila ng espiritu ng Panginoon kaya sila’y nagpahayag na roon. Nakita pala sila ng isang binata at patakbo itong nagpunta kay Moises. Sinabi niya, “Sina Eldad at Medad ay nagpapahayag sa kampo.”

Dahil dito, sinabi ni Josue

na anak ni Nun at katulong ni Moises, “Bakit di ninyo sila sawayin?” Ngunit sinabi ni Moises, “Nangangamba ka bang ako’y mababawasan ng karangalan? Mas gusto ko ngang maging propeta ang lahat ng Israelita at mapuspos sila ng espiritu ng Panginoon.”

Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 19

B –*Ating kabutiha’t lugod ay nasa loobin ng D’yos!*

R. M. Velez



* Ang batas ng Panginoon ay batas na walang kulang; ito’y utos na ang dulot sa tao ay bagong buhay. Yaong kanyang mga batas ay mapagti-walaan, nagbibigay ng talino sa pahat ang kaisipan. **B.**

* Yaong paggalang sa Poon ay marapat at mabuti, isang banal na tungkulin na iiral na parati. Pati mga hatol niya’y matuwid na kahatulan; kapag siya ang humatol, ang pasya ay pantay-pantay. **B.**

* Ang utos mo, Panginoon, sa alipin mo at lingkod, ay mayroong gantimpala kapag aking sinusunod. Walang taong pumupuna sa gawa n’yang hindi angkop, kaya ako ay iligtas sa lihim na gawang buktot. **B.**

* Ang lingkod mo ay iligtas sa hayag na kasalanan, at h’wag mo pong itutulot na ako ay pagharian. Mamumuhay akong ganap na wala nang kapintasan, ako’y lubos na lalaya sa kuko ng kasalanan. **B.**

Ikalawang Pagbasa San 5:1-6
Ang mga tinatanggap nating biyaya sa buhay na ito ay hindi para sa ating makasariling kasiyahan, kundi para makatulong tayo sa mga nangangailangan. Ipinaaalaala sa atin ni Santiago na ang kapabayaang dito ay tanda ng katigasan ng puso na hahatulang mariin ng Diyos.

L– Pagbasa mula sa Sulat ni

Apostol Santiago

Pakinggan ninyo ito, kayong mayayaman! Tumangis kayo at humagulog dahil sa mga kapighatiang darating sa inyo. Bulok na ang inyong mga kayamanan at kinain na ng tanga ang inyong mga damit. Kinain na ng kalawang ang inyong ginto at pilak, at ang kalawang ding iyon ang magiging katibayan laban sa inyo at parang apoy na uubos sa inyong laman. Iyan ang kayamananang inimpok ninyo para sa mga huling araw. Sumisigaw laban sa inyo ang upa na hindi ninyo ibinigay sa mga gumapas sa inyong bukirin. Umabot sa langit, sa pandinig ng Panginoon Makapangyarihan sa lahat, ang mga hinaing ng mga mang-aani na inyong inapi! Nagpakalayaw kayo at nagpasasa dito sa lupa. Nagpataba kayong parang mga hayop na papatayin. Hinatulan ninyo at ipinapatay ang mga matuwid; hindi sila lumaban sa inyo.

Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Aleluya

B –Aleluya! Aleluya!

Amang D’yos ni Hesukristo, ang salita mo’y totoo. Kami ay pabanalin mo. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mc 9:38-43.
45.47-48

Tinuruan ni Hesus ang kanyang mga disipulong maging maunawain at mapagbigay, maingat at matalino sa kanilang mga pagpili, pagkat walang kabutihang hindi gagantimpalaan, at walang masamang hindi parurusahan. Ganito ang mensaheng hatid sa atin ng Ebanghelyo ngayon.

P–Sumainyo ang Panginoon!

B–At sumaiyo rin!

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B –Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi kay Hesus ni Juan, “Guro, nakakita po kami ng isang taong nagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ng pangalan mo, at pinagbawalan namin sapagkat hindi natin siya

kasamahan.” Ngunit sinabi ni Hesus, “Huwag ninyo siyang pagbawalan, sapagkat walang taong matapos gumawa ng kababalaghan sa pangalan ko ang agad magsasalita ng masama laban sa akin. Sapagkat ang hindi laban sa atin ay panig sa atin. Sinasabi ko sa inyo: sinumang magbigay sa inyo ng isang basong tubig dahil sa kayo’y kay Kristo ay tiyak na gagantimpalaan.

Mabuti pa sa isang tao ang siya’y bitinan ng isang malaking gilingang-bato sa leeg at itapon sa dagat kaysa maging sanhi ng pagkakasala ng isa sa maliliit na ito na nananalig sa akin. Kung ang kamay mo ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo! Mabuti pa ang mapunta ka sa langit nang putol ang isang kamay kaysa may dalawang kamay na mahulog ka sa impiyerno, sa apoy na hindi mamamatay.

Kung ang paa mo ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo! Mabuti pa ang mapunta ka sa langit nang putol ang isang paa kaysa may dalawang paa na mahulog ka sa impiyerno. At kung ang mata mo ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukutin mo! Mabuti pa ang pumasok ka sa kaharian ng Diyos nang bulag ang isang mata kaysa may dalawang mata na mahulog ka sa impiyerno. Doo’y hindi mamamatay ang mga uod na kumakain sa kanila, at hindi mamamatay ang apoy.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa

kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Ipinaaalaala sa atin ng mga pagbasa ngayon ang tungkulin nating mamuhay alinsunod sa kautusan ng Diyos at paglabanan ang lahat ng kagustuhang gawin ang pawang ninanais lamang natin bilang tao. Pagkat batid natin ang ating kahinaan, pakumbaba tayong manalangin:

B – Panginoong Diyos, maawa Ka sa amin!

* Nawa’y lahat ng Kristiyano ay maging laging handang makipagtulungan sa lahat ng mga taong tapat sa pagtataguyod ng anumang mabuti. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y maging bukas ang pag-iisip ng mga pinuno ng ating mga pamayanan, gaya nina Moises at Hesus, sa pag-unawa sa patnubay ng Espiritu, at maging handa sa pagtalima sa kanyang gabay. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y ang ating mga mandaragat at kanilang pamilya ay manatiling tapat sa kanilang pananampalatayang Kristiyano at mapanatili ang pagmamahal sa kabila ng kanilang pagkakalayo sa isa’t isa. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y maipagkaloob ng mga among tagapagpagawa sa mga namamasukan at ng mga opisyal sa gobyerno sa kanilang mamamayan ang anumang nararapat para sa kanila. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y mapagtanto nating lahat na ang mga biyaya at kayamananang ipinagkaloob ng Diyos ay hindi upang itago at kamkamin kundi dapat na ibahagi lalo na sa mga nangangailangan. Manalangin tayo! **B.**

* Upang tayong lahat ay matutong makinig sa panaghoy ng kalikasan at sa pagtangis ng lahat ng biktima ng mga trahedyang kalikasan at hagupit ng pagbabago ng klima, at nang lahat ay matuto ring mangalaga para sa daigdig na kinalalagy an natin. Manalangin tayo! **B.**

P – Panginoong Diyos, turuan Mo kaming magalak sa kabutihan ng iba at makipagtulungan sa kanila sa pagtataguyod ng mga pagpapahalaga ng Kahariang itinatag ng Iyong Anak. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, loobin mong ikalugod ang aming paghahandog at ito nawa ay siyang magkaloob ng iyong pagpapalang sa ami’y umaagos sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo I

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B – Itinaas na namin sa Panginoon!

P – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

B – Marapat na siya ay pasalamat!

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngan marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana’t kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami’y palayain at mai-tampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamaha-

lan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkanang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B-Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B- Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B- Ama namin . . .

P- Hinihiling namin . . .

B- Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B- Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P- Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B- Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang pangako mo sa akin ngayoy iyong gunitain. Pag-asa kong tatanggapin kahit aba sa 'yong tingin ang pagsamo ko't dalangin.

Panalangin Pagkapakinabang

P -Ama naming mapagmahal, ang aming banal na pakikinabang ay magdulot nawa ng kagalingan sa aming katauhan upang kami'y makatambal sa kaluwalhatian ng aming nilalahukan sa tiniis na kamatayan na amin ngayong ipinahayag sa ginanap na pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B -Amen!



P -Sumainyo ang Panginoon!

B -At sumaiyo rin!

P -Magsiyuko kayo at ipanalangin

ang pagpapala ng Diyos.
(Manahimik saglit.)

-Sa Kanyang pagmamahal, puspusin nawa kayo ng Panginoon ng Kanyang karunungan upang mapili ninyo at gawin ang kalugud-lugod sa Kanya.

B -Amen!

P -Pagkalooban Niya nawa kayo ng pusong mapagbigay na nagagalak sa kabutihang taglay o ginagawa ng iba.

B -Amen!

P -Bigyan Niya nawa kayo ng lakas na kailangan ninyo para sa paggawa ng malalaking sakripisyo upang magkamit ng buhay na walang hanggan.

B -Amen!

P -At sumainyo nawa ang pagpapala ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo magpakailanman.

B -Amen!

P -Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon.

B -Salamat sa Diyos!

Learning your faith
is now more exciting
with

YOUCAT

the Catechism of the Catholic Church
made especially for young people.

In easy-to-understand Q&A format
with colorful pictures and illustrations,
commentaries and quotations
from Scripture, saints, and various authors.



Available from:

 Word And Life Publications / Word And Life Religious Store

 https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021

 <https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore>



**WORD AND LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua

LUGOD, LOOB, SUNOD!

Kalakbay at Katoto

Gaan ng loob o bigat ng kalooban ang dalawang magkasalungat na damdamin sa araw na ito. Sa unang pagbasa, mabigat ang loob ng ilan dahil sa katotohanang maging si Eldad at si Medad, na hindi kabilang sa pitumpu ay kinasihan din ng Espiritu, at sila ay nakapagpahayag din tulad ng pitumpu. Inggit ang tawag dito. Inggit na nagpapabigat ng damdamin ng taong hindi matanggap na ang iba ay may tangang kakayahang kapantay o lampas pa sa kanyang kakayahan.

Sinikmat ni Josue ang mga naingggit o nahili. *“Takot ba kayong mabawasan ang inyong karangalan?”*

Mabigat sa kalooban ang maingggit. Hindi lugod ang dulot ng inggit. Hindi ito ang niloloob ng Diyos, tulad ng sinasaad ng ating tugon: *“Ating kabutiha’t lugod ay nasa loobin ng Diyos!”*

Mabigat rin sa loob ang magnasa nang higit pa sa kung ano ang ipinagkaloob sa atin. Ito ang mariing turo ni Santiago laban sa mga mayayamang mapaniil, mapagsamantala, at walang kabubusugan. Ang kanyang pangaral: *“Tumangis kayo at humagulgol sa kapighatiang darating sa inyo!”*

Sama ng loob, hindi lugod ang dulot ng pagiging duhapang at swapang sa salapi at yaman!

Naparito tayo sa simbahan dahil sa maraming dahilan. Una, upang magpugay sa Diyos. Sa kanya lamang nararapat ang ating papuri at pasasalamat. Ikalawa, naparito tayo upang tumanggap ng liwanag mula sa Kanyang Salita. Ito ang mabuting balita na naghahatid sa kaligtasan. Subali’t ang maling akala ng marami ay ang magandang balita ay dapat tuwinang may kinalaman sa mga bagay na nakapagpapagaan ng loob.

Pero tingnan natin ang mga pagbasa. Hindi gaan ng loob natin kundi ang kalooban ng Diyos ang siyang tinutumbok ng mga ito. **Ito ang magandang balita . . . hindi kalugod-lugod sa pandinig natin, nguni’t naghahatid sa tunay na lugod, sapagka’t galing sa niloloob ng Diyos.**

Sinikmat ni Josue ang mga masama ang loob. Binalaan ni Santiago ang mga swapang at mapagkamal ng yaman. Hindi gaan ng loob ang bunga nito, kundi isang paghamon na tuparin ang kalooban ng Diyos.

May kinalaman ito sa tinatawag ni Gadamer na “fusion of horizons.” Nagsasalubong ang pananaw ng Diyos at pananaw ng tao sa liturhiya. Ang magandang balita ay hindi pawang kaaya-aya at magandang pakinggan o magandang isipin. Ang magandang balita, ayon sa sulat sa mga Hebreo ay isang tabak na doble ang talim . . . nanunuot,

tumatagos, at dapat ay tumatalab.

Ito ang paghamon sa atin sa araw na ito. Hindi nalugod si Josue sa pagkaingggit ng ilan kay Eldad at Medad. Hindi nalugod si Santiago sa kaswapangan ng mga mapagkamal ng yaman. Hindi kalugod-lugod ang mga nangyayaring kadayaan, katiwalian, at kaswapangan sa lipunan natin, lalu na sa pamahalaan, at sa lahat ng antas ng lipunang Pinoy.

Alam natin kung saan magmumula ang tunay na kabutihan at lugod. Ayon sa ating tugon, *“ang kabutiha’t lugod ay nasa loobin ng Diyos.”*

Pati mga disipulo ay sinagian ng inggit. Hindi nila matanggap na mayroong kahit hindi nila kasamahan ay nagpapalayas ng demonyo. Sa dami ng turo ng Panginoon ay napadala sila sa inggit, sa pagkamakasariili, at pag-iisip lamang sa kanilang kapakanan.

Bilang isang guro, iniangat ni Jesus ang usapin. Pinalawak niya ang kontekstong kinapapalooban ng kanyang pangaral. Parang sinasabi niya sa atin ngayon: “Huwag tayong padala sa sama ng loob at nalamangan tayo ng iba . . . Huwag tayong malungkot at mayroon ibang taong nakagagawa o nakahihigit pa sa atin sa maraming bagay.”

Kung gayon, ano ba ang dapat nating pagtuunan ng pansin? Ang tugon ng Ebanghelyo ay malinaw pa sa sikat ng araw!

Una, ang lugod at loob ng Diyos ay nakatuon sa pagsunod sa kanyang kalooban. Mabuti pa aniya na ang isang taong naghahatid sa kasalanan sa ibang tao ay itapon sa dagat na may taling mabigat na bato sa leeg. Mabuti pa aniya, na mawalan ng isang kamay at makarating sa langit, kaysa sa manatiling ganap ngunit mapunta naman sa impyerno. *“Mabuti pa ang pumasok ka sa kaharian ng Diyos nang bulag ang isang mata kaysa may dalawang mata na mahulog ka sa impyerno.”*

Maraming dahilan upang sumama ang loob natin. Kung minsan, sumasama ang loob natin dahil sa inggit, dahil sa nalamangan tayo, o natalo, o naisahan. **Nguni’t may higit pang mahalaga kaysa sa sama ng loob natin na dulot ng pagkamakasariili. At ang higit na mahalagang ito ay ang isipin natin, pagbalakan, at tupdin ang siyang higit na mahalaga kaysa sa lahat – ang kabutiha’t lugod na nagmumula sa kalooban ng Diyos! Ito ang tinatagurian nating lugod na wagas, loob na dalisay ng Diyos, na sinusuklian natin ng pagtalima at pagsunod sa Diyos.**